
3

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 6: Opisyal na Himno at Iba Pang Sining sa Sariling Lalawigan at Rehiyon



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_AP3_ Module 6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 6: Opisyal na Himno at Iba Pang Sining sa Sariling Lalawigan at Rehiyon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal o may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Richell M. Salehati
**Editors:** Riva P. Palma, Pamela L. Edisane, Adelma D. Cudera
**Tagasuri:** Marilyn G. Pajaro, Myrene M. Saragena, Jessel C. Marqueda, Remely Fe M. Ozaraga, John B. Visillas, Myleen C. Robiños
**Tagaguhit:** Cris A. Aquino, Khristely V. Ang, Aiza Lou A. Bernaldez, Cherie Mae A. Caduyac, Eduardo, Jr. A. Eroy, Marvin P. Linogao, Jules Bernard G. Guinita, Edieson John C. Mag-aso, Sharon C. Marimon, Ryan R. Padillos, Nylle Ernand D. Silayan
**Tagalapat:** Alpha Amor G. Manglicmot, Patrick John P. Peresores, Melanie Mae N. Moreno
**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo, Mary Jeanne B. Aldeguer, Analiza C. Almazan, Danilo R. Dohinog, Ma. Cielo D. Estrada, Nelson C. Lopez, Cheerylyn A. Cometa, Christopher P. Felipe, Leonora Liza D. Dacilio, Alicia I. Ayuste

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region XI**
Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 6 : Opisyal na Himno at Iba Pang Sining sa Sariling Lalawigan at Rehiyon

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Ang mga lalawigan sa isang rehiyon maging ang isang rehiyon ay may awitin o komposisyong kinikilala bilang opisyal na himno nito. Mahalagang malaman mo bilang isang mamamayan ang nilalaman ng opisyal na himnong ito. Higit mong makikilala at maipagmamalaki ang iyong lalawigan o rehiyon. Dagdag pa rito, kailangan mo ring alamin at unawain ang mensahe ng awitin sapagkat ito ay sagisag ng iyong lupang sinilangan.

Mainam ding malaman mo ang ilang mga sining na nagpakikilala sa iyong lalawigan. Bahagi ito ng kultura ng iyong lalawigang kinabibilangan. Sa pag-alam sa mga sining na ito, lubos mong makikilala ang lugar na iyong kinagisnan. Ipagmalaki at pagyamanin!

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. natatalakay ang kahulugan ng "official hymn" at iba pang sining na nagpapakilala ng sariling lalawigan at rehiyon (AP3KLR-IIg-6).

## *Subukin*


Panuto: Piliin at isulat ang titik ng wastong sagot sa iyong kuwaderno.

1. Sino ang may-akda ng opisyal na himno ng Rehiyon ng Davao?
   a. Alfredo Vargas
   b. Benjamin Dela Cruz
   c. Dioscoro Vicentino
   d. Mario Acevedo
2. Saan matatagpuan ang kilalang pasyalang *Agong House*?
   a. Digos City
   b. Davao City
   c. Island Garden City of Samal
   d. Panabo City
3. Ito ang nagsisilbing tanglaw ng pag-asa at *pilgrimage* sa Andap, New Bataan, Davao de Oro.
   a. Dinosaur Island
   b. Kublai Art Garden
   c. People's Park
   d. Tower of Light
4. Ano ang ipinagdiriwang ng mga taga-Davao kung saan isa sa mga pinakatampok na bahagi ay ang "**Indak-indak sa Kadalanan**"?
   a. Bulawan Festival
   b. Kadagayaan Festival
   c. Kadayawan Festival
   d. Gaginaway Festival
5. Ano ang ipinapakita tuwing Kadayawan sa Davao?
   a. kultura ng iba't ibang tribo sa Davao
   b. pagkain ng mga katutubo
   c. paniniwala ng mga matatanda
   d. tradisyong namana sa mga dayuhan

| Aralin 1 | Kahulugan ng Opisyal na Himno at Iba Pang Sining |
|---|---|

## *Balikan*

Sa nakaraang aralin, tinalakay ang ilang simbolo at sagisag ng iba't- ibang lalawigan sa rehiyon. Bago tayo magpatuloy, inanyayahan ang mga mag-aaral na isulat sa sagutang papel ang titik ng mga simbolo sa loob ng kahon na hindi kabilang sa sagisag ng mga lalawigan ng Davao.



*Mga Tala para sa Guro*

Basahin at ipaunawa nang mabuti ang mga panuto sa bawat hakbang at gawain. Ipaalala sa mag-aaral na gumamit ng hiwalay na papel sa pagsulat ng kanilang sagot sa mga gawain. Lahat ng sagutang papel at mga proyektong nagawa ay ipapasa sa guro upang mabigyan ng nararapat na marka.

# *Tuklasin*

Narinig mo na ba ang awitin ng iyong lalawigan? Saan mo ito madalas na naririnig? Paano inilalarawan ang iyong lalawigan sa awiting ito?

Halos lahat ng mga lalawigan sa bansa ay may sariling himno. Ang himno ay ang opisyal na awit ng isang lalawigan o rehiyon. Isinusulat ang naturang himno upang ipabatid sa lahat ang angking kagandahan ng lugar at ipagmalaki ang yamang-kalikasan nito. Ang ibang himno naman ay nag-uudyok na mahalin ng kanilang mamamayan ang kanilang lalawigan o rehiyon, panatilihin ang kapayapaan, lalo pa itong pauunlarin, at pagyamanin.

Isang halimbawa ng himno ay ang himno ng Rehiyon ng Davao na pinamagatang, "**Rehiyonal Himno ng Rehiyon ng Davao**" na isinulat ni Dioscoro Vicentino.

Ipinagmalaking binanggit sa himno ang likas na yamang makukuha sa rehiyon gaya ng ginto. Sagana rin umano ang Rehiyong Davao sa saging at bigas. Dito rin makikita ang magandang Waling-waling at ang Bundok Apo.

Ibinahagi rin sa himno ang mga lalawigang sakop ng rehiyon na may pagkakaisa at may iisang tunguhin para sa kapakanan ng mga mamamayan nito.

Marami ring maipagmamalaking likhang sining na masisilayan sa Rehiyong Davao. Naririyan ang estrukturang Agong House, People's Park at Tower Light. Ang kakaibang Indak-indak sa Kadalanan ng Lungsod ng Davao at ang awiting Agila na alay sa pambansang ibong Agila na makikita sa Rehiyong Davao.

Tunay ngang katangi-tangi ang Rehiyong Davao!

## *Suriin*

Suriin ang mga kahulugan ng opisyal na himno ng kinabibilangang rehiyon at ang iba pang sining na nagpakikilala sa mga lalawigan nito. Sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang kahulugan ng himno?

2. Bakit may opisyal na himno ang isang lalawigan?

## Himno o Awit


**Rehiyonal na Himno ng Davao**
*ni: Dioscoro Vicentino*

Davao Region, pinanggang yuta
May Bukid Apo nga labing taas
Haring Agila, nasudnong langgam
Waling-Waling, hara sa kabulakan
may bulawan ug haring Durian
lubi ug saging, bugas lamian
Yutang gimahal sa Dabawenyo
Makugihong mga tawo.
Ang milangkob mga probinsiya,
mga dakbayang nagkahiusa
May gituohan nga Diyos
Davao de Orol, Davao Oriental,
del Norte, Occidental, del Sur
Siyudad sa Davao, Panabo, Tagum
Samal Island, Mati ug Digos
Davao Region gipanalipdan,
mga bahanding kinaiyahan
yutang tabunok, daghan ang nindot
nga kapanginabuhian
garbo sa tanan ang Davao Region
among yuta nga gipangga.

## Mga Sining na Nagpakikilala sa Lalawigan

Tingnan mo ang mga larawan sa ibaba. Ang mga ito ay nagpapakita ng iba pang sining na nagmula sa ilang lalawigan ng Rehiyon ng Davao.


## Agong House



Larawan ni: Gimer Delos Santos Romero

Ang lambak ng Kapatagan sa Digos City ay naging isa sa mga tanyag na pasyalan sa lalawigan ng Davao del Sur. Maraming mga natatangi at kaaya-ayang pasyalan ang makikita rito. Isa sa mga ito ang *Kublai Art Garden* kung saan makikita ang Agong House. Ang eskulturang ito ay dinisenyong agong na isang instrumentong pangmusika ng mga Muslim at katutubo sa Mindanao. Pambihira ang arkitekturang ito, parang isang galeriya ang hitsura ng loob at labas ng bahay na may malapad na dingding. Isa ito sa mga magagandang obra ni Kublai Millan.

## People's Park




https://tourism.davaocity.gov.ph/explore-the-city/attractions/man-made-nature-parks/peoples-park/

Isang napakagandang pasyalan ang People's Park na makikita sa sentro mismo ng lungsod ng Davao. Ang parke na may temang kultural at nilikha noong 2007 ay kumakatawan sa kultura ng Lungsod ng Davao. Maraming eskultura ang makikita

sa loob ng parke. Naroroon ang *Durian Dome* na dinibuho mula sa sikat na prutas na Durian ng lungsod at siyang bumubungad sa pagpasok pa lamang sa apat na hektaryang parke. May replika ng ibong Agila, replika ng mga lumad o katutubo ng Davao, may munting kagubatan sa loob, *interactive* na bukal, talon, at samo't saring palaruan. Libre ang pamamasyal sa parke kung saan ay dinadayo rin ng mga tao mula sa karatig rehiyon.

Tuwing Sabado at Linggo ay dinarayo parin ito ng mga tao dahil sa angking ganda ng mga disenyo at maraming pwedeng magagawa sa loob ng parke. Isa itong ligtas na lugar dahil napapalibutan ito ng CCTV camera. Ang paninira sa loob ng parke ay mahigpit na ipinagbabawal.

## Indak-Indak sa Kadalanan



https://tourism.davaocity.gov.ph/explore-the-city/events/august/kadayawan/

Ang Indak-Indak sa Kadalanan o *street dancing* ay isa sa pinakatampok na timpalak sa pagdiriwang ng Kadayawan Festival ng Lungsod ng Davao. Mula sa iba't-ibang tribo sa lungsod at karatig lalawigan sa rehiyong Davao ang pangkat ng mga kalahok. Makukulay at puno ng palamuti ang mga damit ng mga mananayaw na pawang kinopya sa mga katutubong kasuotang kinakatawan nila. Sa saliw ng musikang nabuo gamit ang iba't-ibang instrumentong katutubo gaya ng kulintang, agong at iba pa ay naibabahagi ang kulturang katutubo ng lungsod.

## Agila

Kilala ang mga Dabawenyo sa iba't-ibang larangan ng sining. Isa na rito ang musika. Ilan sa tanyag na mga mang-aawit at awitin ay nagmula sa Rehiyong Davao gaya na lamang ng awiting Agila. Ang liriko ng awitin ay nakasentro sa pagpapahalaga sa kalikasan. Ninanais ng kanta na imulat ang mga tao sa kahalagahan ng pangangalaga sa kalikasan. Ang awiting ito ay kinatha ni Joey Ayala na kumuha ng inspirasyon sa isang Agila.

## Tower of Light



http://www.davaodeoro.gov.ph/eDavDeOro/2018/01/31/tower-of-hope/

Ang *Tower of Light* ay dinisenyo na parang hugis apoy. Ipinapakita sa estrukturang ito na habang inaakyat ay unti-unting nagkakahugis-apoy. Yari sa konkretong materyal ang pundasyon nito. Nagsisilbi itong tanglaw ng pag-asa at *pilgrimage center* sa Andap, New Bataan, Davao de Oro. Layunin nitong mas mapaunlad ang mga aktibidad pang-ekonomiya sa lugar. Kilala rin ito bilang Andap Liwanag Tower. Ang ibig sabihin ng andap ay kisap o *flicker.*

Mga dapat tandaan tungkol sa "*official hymn"* at iba pang sining na nagpapakilala sa ating sariling lalawigan at rehiyon.

1. Ang mga lalawigan o rehiyon ay may awitin o komposisyon na kinikilala bilang opisyal na himno.

2. Ang bawat himno ay nag-uudyok na mahalin ang lalawigan at lalo pa itong pauunlarin.
3. Nilalarawan ng himno ng Rehiyon ng Davao ang likas na yaman at ang mga katangiang angkin ng mga lalawigang sakop nito.
4. Ang Agong House, People's Park, Indak-Indak sa Kadalanan, awiting Agila, at Tower of Light ay ilan sa mga likhang sining na nagmula sa mga lalawigan ng Rehiyon ng Davao.
5. Ang Agong House ay isa sa mga magagandang obra ni Kublai Millan na makikita sa lambak ng Kapatagan sa Digos City.
6. Ang awiting Agila ay isa sa mga tanyag na awiting nagmula sa Rehiyon ng Davao na kinatha ni Joey Ayala na kumuha ng inspirasyon sa isang Agila.
7. Ang Indak-Indak sa Kadalanan ay isa sa pinakatampok na palabas ng Kadayawan sa Davao.
8. Ang *People's Park* ay isang tanyag na parke na may temang kultural na ginawa noong 2007.

## *Pagyamanin*

### Gawain A

Punan ang mga patlang ng nawawalang salita upang mabuo ang opisyal na himno ng rehiyon. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

### Rehiyonal na Himno ng Davao

Ni: Dioscoro Vicentino

Davao Region ([1])________ yuta
May Bukid Apo nga labing taas
Haring agila, ([2])______ langgam
Waling-Waling hara sa kabulakan
May ([3])________ ug haring durian
Lubi ug saging, bugas lamian
Yutang ([4])_______ , sa Dabawenyo
Makugihong mga tawo

Ang milangkob mga probinsiya, ([5]) Mga ______ nagkahiusa

May gituohan nga Diyos
([6])____________, Davao Oriental,
([7])_________ , Occidental, del Sur
Siyudad sa Davao, Panabo, Tagum
Samal Island, ([8])________ ug Digos
Davao Region gipanalipdan, mga bahanding kinaiyahan
Yutang ([9])______, daghan ang nindot nga kapanginabuhian
Garbo sa tanan ang ([10])______
Among yuta nga gipangga.

## Gawain B

Isulat ang **Tama** kung wasto ang pahayag. Kung **Mali**, isulat ang wastong sagot sa sagutang papel.

__________1. Ang lambak ng Kapatagan ay naging isang tanyag na pasyalan sa lalawigan ng Davao Occidental.

__________2. Si Joey Ayala ang may-katha sa awiting Agila na nakasentro sa pagpapahalaga sa kalikasan.

__________3. Si Kublai Millan ang nagdisenyo sa tanyag na Agong House na makikita sa lalawigan ng Davao del Sur.

__________4. Ang *People’s Par*k ay isang *cultural themed park* sa Lungsod ng Davao.

__________5. Ang “Indak-indak sa Kadalanan” ay isa sa mga inaabangang palabas tuwing Kadayawan sa Lungsod ng Davao.

## *Isaisip*

Batay sa iyong nabasa tungkol sa opisyal na himno at iba pang sining sa sariling lalawigan at rehiyon, sagutin ang sumusunod na katanungan. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Bakit may himno ang bawat lalawigan?
2. Ano ang kahulugan o mensahe ng opisyal na himno sa iyong kinabibilangang rehiyon?
3. Ano-ano ang mga likhang sining na nagpakikilala sa pagkakikilanlan ng iyong lalawigan?



# *Isagawa*

Mag-isip ng tatlong likhang sining sa sariling lalawigan. Gumawa ng talata na mag-uudyok sa mga tao upang bisitahin at tuklasin ang mga ito. Gawin sa kuwaderno.

**Rubric sa Pagtataya ng Talata**

| Pamantayan | 1 | 2 | 3 | 4 |
|---|---|---|---|---|
| Presentasyon | Mahirap basahin dahil sa hindi maayos at malinis ang pagkaka-sulat. | May kahirapang unawain ang pagkaka-sulat ng pangungu-sap. | Malinis ngunit hindi lahat ay maayos ang pagkaka-sulat ng mga pangungu-sap. | Malinis at maayos ang pagkaka-sulat ng talata |

# Tayahin

Panuto: Piliin at isulat ang titik ng wastong sagot sa iyong kuwaderno.

1. Saang lalawigan matatagpuan ang Agong House?
   a. Davao del Norte
   b. Davao del Sur
   c. Davao Occidental
   d. Davao Oriental

2. Ang parke ang itinayo sa Lungsod ng Davao noong 2007 na may temang pangkultura?
   a. GAP Farm
   b. Malagos Garden
   c. Magsaysay Park
   d. People's Park

3. Ano ang isa sa mga ipinagmamalaki ng Kublai Art Garden upang bisitahin ng mga tao?
   a. Agong House
   b. Durian Dome
   c. makukulay na mga beads
   d. naglalakihang mga drum

4. Bakit may himno ang bawat rehiyon at lalawigang sakop nito?
   a. upang hindi maipagmamalaki ang rehiyon at lalawigang kinabibilangan.
   b. upang maipapakita ang hindi magandang pagbabago sa rehiyon at lalawigang kinabibilangan.
   c. upang maiuudyok ang mga tao na mahalin ang rehiyon at mga lalawigang kaniyang kinabibilangan.
   d. upang mailalarawan ang hindi kaaya-ayang katangiang angkin ng rehiyon at mga lalawigang kinabibilangan.

5. Paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa himno ng iyong lalawigan o rehiyon?
   a. awitin ng dahan dahan
   b. awitin ng malakas
   c. awitin ng may paggalang
   d. awitin ng may kasamang galaw

## *Karagdagang Gawain*

A. Basahin o awitin muli ang opisyal na himno ng iyong rehiyon. Isulat sa sagutang papel ang mga magagandang katangian na nabanggit sa himno.

B. Gumawa ng isang islogan na naglalarawan sa kabuoan ng rehiyon.

### Rubric sa Pagtataya ng Islogan

| Pamantayan | 1 | 2 | 3 | 4 |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Walang mensaheng naipakita. | Medyo magulo ang mensahe. | Di gaanong naipakita ang mensahe. | Ang mensahe ay mabisang naipakita. |
| Pagkama-likhain | Di maganda at Malabo ang pagkaka-sulat ng titik. | Maganda ngunit di gaanong malinaw ang pagkaka-sulat ng mga titik. | Maganda at malinaw ang pagkaka-sulat ng mga titik. | Napaka-ganda at napaka-linaw ng pagkaka-sulat ng mga titik. |
| Kaugnayan | Walang kaugnayan sa paksa ang islogan. | Kaunti lang ang kaugnayan ng islogan sa paksa. | Di gaanong may kaugnayan sa paksa ang islogan. | May malaking kaugnayan sa paksa ang islogan. |

# Susi sa Pagwawasto

**Tayahin**

1. A
2. D
3. A
4. C
5. C

**Balikan**

G

F

D

**Subukin**

1. C
2. A
3. C
4. D
5. C

## *Sanggunian*

Antonio, D. Banlaygas E. and Lagarto J. 2015. Kayamanan: Rehiyon ng Davao. Rex Bookstore.

City Government of Davao City, Kadayawan, 2019, Davao City. Retrieved from https://tourism.davaocity.gov.ph/explore-the-city/events/august/kadayawan/

City Government of Davao City, People’s Park, 2018, Davao City. Retrieved from https://tourism.davaocity.gov.ph/explore-the-city/attractions/man-made-nature-parks/peoples-park/

Gimer R, Agong House, 2014, Kapatan, Digos City. Retrived from https://www.facebook.com/dungogsakapatagan/photos/a.215774721953795/215783531952914/?type=3

Provincial Government of Davao De Oro, Tower of Hope, 2020, New Bataan. Retrieved from http://www.davaodeoro.gov.ph/eDavDeOro/2018/01/31/tower-of-hope/

Revised Learner’s Materials Araling Panlipunan 3, 2019. Unpublished

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph